Tunay na si Allāh ay nag-obliga nga para sa kanya dahil dito ng Paraiso o nagpalaya sa kanya dahil dito mula sa Impiyerno."}

Ayon kay `Ā'ishah na Ina ng mga Mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May pumunta sa akin na isang dukha habang nagdadala ng dalawang babaing anak niya saka nagpakain ako sa kanya ng tatlong piraso ng datiles. Nagbigay naman siya sa bawat isa sa dalawang bata ng isang datiles at nag-angat naman siya papunta sa bibig niya ng isang datiles upang kainin ito ngunit hiningi ito ng dalawang babaing anak niya kaya hinati niya ang datiles — na kanina ay ninanais niyang kainin — sa dalawang bata. Kaya nagpamangha sa akin ang inasal niya saka binanggit ko ang ginawa niya sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi siya: "Tunay na si Allāh ay nag-obliga nga para sa kanya dahil dito ng Paraiso o nagpalaya sa kanya dahil dito mula sa Impiyerno."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Binanggit ng Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na may isang babaing dukha na nagdala ng dalawang babaing anak nito sa kanya. Nanghingi ito sa kanya kaya pinakain niya ito ng tatlong pirasong datiles. Nagbigay naman ito sa bawat isa sa dalawang anak nito ng isang datiles at nag-angat ito papunta sa bibig nito ng isang datiles upang kainin ito ngunit hiniling ng dalawang babaing anak nito ang datiles — na kanina ay ninanais niyang kainin — kaya hinati nito ang datiles sa dalawang bata. Kaya nagpamangha kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) ang inasal nito. Binanggit niya ang ginawa ng babae sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi ito: "Tunay na si Allāh ay nag-obliga nga para sa kanya dahil sa datiles na ito ng Paraiso o nagpalaya sa kanya dahil dito mula sa Impiyerno."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3133